REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-76**

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA PANGULO NG MAYNILAD WATER SERVICES INCORPORATED NA ISAGAWA ANG MADALIANG PAGSASAAYOS NG MGA SIRANG PUMPING STATION NG TUBIG NA NASA IBA'T-IBANG BARANGAY SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*************************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Jaime R. Fresnedi**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**

Kasamang nagpanukala : **Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Jo Jason T..Alcaraz**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang tubig ay isang napakahalagang elemento sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao kung kaya't ang kawalan o kakapusan nito ay lubhang napakalaking suliranin para sa lahat;

**SAPAGKAT,** sa iba't-ibang barangay sa Muntinlupa ay mayroong mga "pumping stations" na nasa ilalim ng pangangasiwa ng **Manila Waterworks and Sewerage System (MWSS)** na dati-rati'y nagbibigay ng maayos na suplay ng tubig para sa mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay marami na ang sira sa mga **"pumping stations"** sa lungsod at mangilan-ngilan na lamang ang patuloy na nagbibigay ng tubig at hindi sumasapat para sa pangangailangan ng lumalaking siyudad;

**SAPAGKAT,** sa kadahilanang ito ang karamihan sa populasyon sa lungsod ay napilitan nang bumili ng tubig sa mga pribadong mangangalakal sa mataas na halaga o gumamit ng poso kung saan walang kasiguraduhan ang kalidad at kalinisan ng tubig;

**SAPAGKAT,** ang madaliang aksyon ay lubhang kailangang isagawa upang kaagad na malunasan ang lumalalang suliranin sa tubig na may ilang taon ng nagpapahirap sa maliliit na mamamayan ng lungsod;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SAPAGKAT,** sa ginawang pagsasapribado ng **Manila Waterworks and Sewerage System (MWSS),** ang Lungsod ng Muntinlupa ay napasailalim sa pangangasiwa ng **Maynilad Water Services Incorporated (MWSI);**

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na hilingin sa Pangulo ng Maynilad Water Services Incorporated na isagawa ang madaliang pagsasaayos ng mga sirang pumping stations ng tubig na nasa iba't-ibang barangay sa Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **11 Setyembre 1997, sa ginanap na** Natatanging Pulong.

**SUMANG-AYON :**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL.IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

9/24/97

Petsa : ____________________